IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

# Mimikring Pangkalikasan: Napapanahong Kamalayan sa Pagtuturo sa Alfabeto Para sa Kindergarten

**Buasa, Crenadel T., Ciruela, Denzel Mark A., Escultor, Gemma R.**
Surgirao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Sa kasalukuyan, isa sa hamon ng mga guro ay ang pagtuloy ng pagbabago sa paraan ng pagtuturo. Nilayon ng pag-aaral na ito na malaman ang kahalagahan ng mimikring pangkalikasan sa pagtuturo para sa kindergarten ng paaralang Plaridel Elementary School, Distrito ng Albor 2023-2024. Ang pananaliksik ay gumamit ng palarawang pamamaraan, thematic analysis, at independent sample test. Napatunayan na ang paggamit ng mimikri ay may positibong implikasyon sa iba't ibang aspeto ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa kindergarten, kabilang ang kanilang kasanayan sa wika, sosyal, kognitibo, at pisikal na Gawain. Ang napapanahong kamalayan sa pagtuturo ng Alfabeto para sa kindergarten ay mahalaga sa pagbigay ng matibay na pundasyon sa literasiya ng mga batang mag-aaral. Ang epektibong pagtuturo ng alphabeto ay dapat mabigyang-diin sa mga guro sa kindergarten, ang mimikri ay ginagamit at ito ay nakaakma sa kompetensi sa kurikulum. Kung saan ang mga bata ay nakikilahok sa iba't ibang aktibidad na gumagamit ng kanilang pandama-tulad ng paningin, pandinig, at paggalaw-upang mapadali ang kanilang pag-unawa at memorya. Ang pagkakaroon ng kamalayan sa mga kasalukuyang hamon at pangangailangan sa pagtuturo ng alfabeto ay nagtitiyak na ang mga guro ay handa at epektibo sa paghubog. Panghuli, walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan at kahalagahan ng mimikri sa makabagong panahon sa propayl ng mga guro at magulang ang natuklasan sapag-aaral na ito*

**Susing Salita:** Hamon sa Pagtuturo, Mimikring Pangkalikasan, Pag-unlad ng Kindergarten, Kamalayan sa Pagtuturo ng Alfabeto, Epektibong Pagtuturo..

## KABANATA 1
## PANIMULA

Ang konsepto ng mimikring pangkalikasan ay isang makabagong konsepto na nagbubukal sa ideya na kaakibat ng pagkatuto ng mga batang mag-aaral ang pagkakaroon ng kaugnayan sa kalikasan at ng lahat ng mga nasasaklawan nito.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang makabuo ng workbook na akma sa kompetensi ng DepEd at antas ng mag-aaral at malaman ang kompetensi na naglalayon sa pagturo ng mimikring pangkalikasan sa elementarya lalo na sa kindergarten.

Isang kaalamang tanggap na sa larangan ng pagtuturo ang pagkakaiba-iba ng mga katalinuhang taglay mayroon ang bawat batang nag-aaral sa paaralan. Sa talaan ng mga katalinuhang ito nakadepende ang mga pamamaraang maaaring ilunsad o pangangasiwaan ng mga guro upang mas lalo pang malinang ang mga kakayahan ng mga bata na matuto. Dahil likas na iba-iba ang kapasidad ng bawat bata, marapat na bigyang-pansin ng guro na siyang mayroong katungkulan na gampanan ang papel sa paghubog ng kanilang kaalaman ang pagbibigay-diin sa kung ano ang mas nagpapaganyak sa kanila na sundin ang landasin tungo sa pagkatuto.

Sa mga batang nasa Kindergarten pa lamang, ang pagkakaroon ng matibay at makabuluhang pundasyon ng kaalaman, halimbawa sa sulating ito ay ang pagkatuto ng alfabetong Pilipino, ay maituturing na pinakaepektibong simula tungo sa kanilang mga susunod na antas ng pag-aaral. Ayon pa sa teorya ng Empiricismo ni Locke[1], ang bawat indibidwal ay ipinanganak na walang nilalamang pangkaisipan, at ito lamang ay nagkakaroon ng pagkakataong mapunan ng kaalaman sa pamamagitan ng mga susunod na mga karanasan, mga pandama at ng mga gawaing pagkatuto.

Sa madaling salita, ang bawat piraso ng kaalamang maililipat ng guro tungo sa kanyang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga interbensiyon habang ang mga ito ay nasa Kinder pa lamang ay may napakahalagang implikasyon sa

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

paghuhubog ng kanilang pangunahing kasanayan gaya ng pagbabasa, pagsusulat, at pagbibigkas ng tamang Alfabeto upang mas malinang ang kahandaan sa kanilang paglaki.

Ipinaliwanag ni Bandura, ang tinaguriang ama ng Teoryang Nagbibigay-malay (Cognitive Theory), na karamihan sa mga ugali ng tao ay natututunang maigi sa pamamagitan ng panggagaya mula sa mga modelo sa paligid. Ito ay paniniwalang sinang-ayunan nina Camino at Carrasco (2023) na nagpapatunay na mas napapadali ang proseso ng pagkatuto ng bokabularyo ng wika sa pamamagitan ng panggagaya o Mimikri, bagay na naipahayag na rin ng pag-aaral ni Zhou, J. (2012).

Maging ang Kagawaran ng Edukasyon ay tiyak ang paniniwala na angkop ang mga edad na nasasaklaw ng antas sa Kinder para sa paghuhubog ng kanilang murang isipan dahil likas na mas mataas ang kanilang kakayahang tumanggap ng kahit na anumang uri ng impormasyon o gawi habang sila ay mas bata pa lamang, dahilan upang maisabatas ang pagpapasok ng sapilitan sa mga bata sa Kindergarten sa ilalim ng Kindergarten $Law_2$ simula noong 2012.

Subalit, kahit pulido ang naturang batas, hindi maikakailang sa loob at pagkatapos ng mahigit isang dekada, may mga salik pa rin sa pagtuturo sa Kinder ang nananatiling malaking hamon lalo na sa panig ng mga guro lalung-lalo na sa pagsasanay para sa literasiya sa wika. Dahil likas na dinamiko ang wika at patuloy na nagbabago kasabay ng pag-usad ng panahon, nananatiling hamon sa mga guro ang iba't ibang salik na sa malapitang pagsusuri ay nagtataglay ng potensiyal upang maisakatuparan ang mga pamamaraang angkop sa pagtuturo ng alfabeto kung hindi man masuri ang mga akmang lapit para mas mapaigting pa ang kabisaan ng mga interbensiyong ito.

Kabilang na sa mga hamong ito ay ang kakulangan ng pagtutok sa pagbibigay ng kakayahan sa mga guro ng Kinder upang mas mapalawig pa ang saklaw ng kanilang mga kaalaman patungkol sa mga Teknik o lapit sa pagtuturo ng iba't ibang kasanayan sa silid-aralan.

Dagdag pa dito, ang estado o kalagayan ng pamilya ng bawat mag-aaral ay nakakaapekto rin sa pagkatuto ng mga bata. Maliban sa mga mag-aaral na galing sa mayayamang angkan na may kakayahang ibigay ang parehong pangangailangan at luho sa kanilang mga anak, karamihan sa mga batang mag-aaral sa Pilipinas na nasa laylayan ng kahirapan ay nagtitiyaga lamang sa kung ano ang mga magagamit na materyales na pang-edukasyon o mapagkukunan sa loob ng paaralan. Kadalasan, ang mga guro rin ang nagsusumikap na maging mapamaraan upang maibigay ang mga pangangailangang ito kung hindi man bubunot ng sariling pera sa kani-kanilang mga bulsa.

Pumapangatlo ang papel na ginagampanan ng kalikasan bilang isa sa mga salik na nagtataglay ng parehong banta at potensyal para sa patuloy na pagkatuto ng mga bata, lalo't higit sa mga batang nag-uumpisa pa lamang sa kanilang pagtahak ng daan sa kamuwangan.

Ayon kay Wilson (1996), isang mahalagang konseptong dapat malinang sa mga kabataan ay ang kanilang interaksyon sa kalikasan upang malinang ang positibong pananaw tungo rito at sa kanilang maayos na paglaki bilang isang indibidwal. Maging sa aklat ni Richard Louv, *Last Child in the Woods,* binalangkas nito ang mga pagsasaliksik sa mga batang mag-aaral at ang kanilang lumiliit na relasyon tungo sa kalikasan na kanilang kinalakhan.

Mangyaring sa mga naunang napangalanan, nasa kalikasan ang pinakamalaking pinanggagalingan ng mga sari-saring salik na maaaring galugarin at gawing kasangkapan para mas mapadali pa ang gawain sa pagtuturo ng alfabeto maging ng wika sa Kinder.

Ayon sa pinagsama-samang ulat ng Philippines Early Childhood Education (ECE) Longitudinal Study (2021), lumalabas na may kaugnayan ang pag-aaral ng mga bata sa mga lugar na madaling kapitan ng mga kalamidad, at higit na mas mataas ang bilang ng mga batang naeengganyong mag-aral dahil sa sitwasyon ng kanilang kinabibilangang pook. At nagkakaroon ng mas higit na mataas na bahagdan ng pagkatuto ang mga batang napapaligiran ng mga estratehiya at ng mga impluwensiyang naggagaya nila.

Dahil sa mga ito, mas napukaw ang pagnanais ng tagapagsaliksik, na nagtuturo rin sa Kinder, na galugarin ang mundo ng Mimikring Pangkalikasan bilang napapanahong kamalayan sa pagtuturo ng alfabeto sa Kindergarten sa sa Bayan ng Libjo, Isla ng Dinagat.

**Suring-basa ng mga Literatura**

Sa bahaging ito ay napapaloob ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura lokal at banyaga. Ang mga nasabing kaisipan o ideya at mga impormasyong nailalahad sa kabanatang ito ay nagsisilbing gabay sa pagpapalawak o pagpapatingkad ng mga ilang konseptong nais ipahiwatig ng ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

Kahalagahan ng Wika sa Lipunan at ang Pagtuturo Nito

Si Carroll (1964) ay nagpapahayag na ang wika ay isang sistema ng mga sagisag na binubuo at tinatanggap ng lipunan. Ito ay resulta ng unti-unting paglilinang sa loob ng maraming dantaon at nagbabago sa bawat henerasyon, ngunit, sa isang panahon ng kasaysayan, ito ay tinutukoy na isang set ng mga hulwaran ng gawi na pinag-aaralan o natutuhan at ginagamit sa iba't ibang antas ng bawat kasapi ng pangkat o komunidad.

Ayon kay Dr. Aurora Batnag (Kabayan, 2001) sapagkat ang Pilipinas ay multilinggwal at *multicultura*l, nabubuklod ang ating mga watak-watak na isla ng iisang mithiin na ipinapahayag hindi lamang sa maraming tinig ng iba't- ibang rehiyon kundi gayon din sa isahang midyum na Wikang Filipino. Samakatuwid hindi matutumbasan ang papel ng wika sa pagtatangkang baguhin ang kalagayan ng lipunan ng isang bansa.

Mula sa aklat ni Belvez, (2000) ang pagtuturo ay isang larangan ng agham. Ito rin ay sangay ng karunungan, lalo na ng kaalaman kung paano ang isang pangyayari ay nagbibigay daan sa pinagmulan ng isa sa lipunan. Ang mga teknik at estratehiya sa pagtuturo ay umaalinsunod sa maayos, masistematikong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang. Hinihingi ng mabisa at mabilis na pagtuturo ang paggamit ng mga mabuting pamamaraan. Nakasalalay sa mabuting pamamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng guro.

Higit na kilala ng guro ang kanyang mga mag-aaral kung kaya ay mas naiintindihan niya kung ano ang mga pangangailangan ng mga ito. Gampanin rin ng guro na bigyang-hugis ang pambansang pagkakakilanlan kung saan ang karapatan ng mga mamamayan ay iginagalang-galang- ito man ay kultura o ang wika. Ayon naman kay Zwiers (2005), yamang ang mga guro ang pinagkakatiwalaang mamahala sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng wika-lalo pa ng akademikong wika, mahalaga na mataya rin ang kakayahan nila sa antas ng wikang ito na ginagamit sa akademya.

Mahalaga ang paggamit ng awtentikong materyal kaysa sa mga imahinatibong sitwasyon lamang. Higit pa rito, maging makabuluhan rin ang pagkatuto kung may integrasyon ng pagsulat, pagbabasa, at pagbibigkas na naaayon sa mga layunin ng pagtuturo.

Ang papel ng guro ay kaakibat ng kaniyang mga metodo na ginagamit. Ito ang nakitang kaugnayan ni Richardson (Fortunato, 2007). May tatlong metodo ng paghahatid ng karunungan ang nagagamit ng guro sa klasrum: 1. Experiential o pagbibigay daan sa mag-aaral upang matamo ng karanasan ang impormasyong inilalahad sa kanila; 2. Reinforcement delivery o paghahatid ng suportang impormasyunal, emosyunal, at sosyal upang mapadali ang kanyang pagkatuto at mapagtibay ang motibasyon sa pagpapatuloy ng proseso ng pag-aral; at 3. Integratibo o ang pagkakaloob sa mga mag-aaral ng mga oportunidad upang magkakaroon ng diskusyon, linaw, at higit na magtamo ng malalim na pag-unawa sa mga bagong impormasyon.

Ayon dito na may malaking naitutulong ang paggamit ng guro ng mga istratehiya sa paghasa sa pang-unawa ng mga mag-aaral kung kaya nararapat lamang na gumamit ng mga istratehiya na angkop sa mga mag-aaral at sa bawat layunin ng mga aralin. Marami ng pananaliksik ang isinagawa upang malaman ang epekto ng istratehiya, metodo, teknik at kaparaanan upang mahasa ang aspeto ng komprehensyon ng mga mag-aaral.

Tulad ng pag-aaral nina Shirmohammadi at Salehi (2017) na pinamagatang "Comparative Effect of Scaffolding Instruction and Self-Regulated Learning on ESP Learners' Reading Comprehension" base sa resulta ng pag-aaral , ito ay napabulaanang ang scaffolding teknik (may namamagitang pagtuturo na sadyang ginawa upang madagdagan ang pagkatuto ng mag-aaral) ay nakakatulong sa mga mag-aaral na pabutihin ang kanilang komprehensyon kaysa sa self-regulated techniques (hinahayaang ang mag-aral na matuto sa kanyang sariling pamaraan). Samakatuwid, ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng suporta hanggang sa kaya na nilang mag-isa na maghain ng bagong kasanayan at istratehiya sa pag-unawa.

Ang Kahalagahan ng Pagkatuto ng Alfabeto sa Kindergarten

Kinikilala ng National Association for the Education of Young Children (NAEYC) ang pagbuo ng prinsipyo ng alfabeto bilang isang layunin para sa mga taon ng preschool o kindergarten. Dito sa prinsipyong ito binigyang-diin na mahalagang makamit ng mga batang mag-aaral ang kahusayan sa pagpapangalan ng titik, diskriminasyon ng titik, at mga tunog nito (1998).

Ang pananaliksik ni Diaz, et al (2022) ay naglatag ng komprehensibong propayl ng mga kaugnay na pag-aaral na nagtuturo upang mas paigtingin pa ang pag-unlad ng Oral na Wika lalo na sa kindergarten dito sa Pilipinas. Layon nilang mabisita at masuri ang mga dokumentong sanggunian sa pasiunang wika na nakabalangkas sa Kindergarten


DOI: 10.48175/IJARSCT-19404

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Curriculum Guide (KCG) at kung papaano ipinapahayag hanggang sa ipinatutupad sa silid-aralan ang mga nilalaman at pagganap gaya ng pitong domain ng pag-unlad kabilang na ang pag-unawa sa natural na kapaligiran at pagkakaroon ng karunungan sa wika, pagbasa, pagsulat at komunikasyon.

Ang pagpapatupad ng MATATAG Curriculum sa ilalim ngDepEd Order (DO) No. 013, s. 2023, bilang tugon sa MATATAG Agenda ng pamahalaan ay nagsilbing lunsaran ng pagtuon sa mga mahahalagang salik para sa mas pinalakas at pinatibay na pundasyon sa pag-aaral at pagkatuto ng mga Kabataang Pilipino simula sa Kindergarten haggang sa matapos nila ang kanilang pag-aaral sa Senior High School.

Ang pag-unlad ng oral na wika ay ang isa sa pinaka mas natutukang domain ng patuturo sa Kindergarten dahilan upang mas nagiging malaki ang hamon para sa mga guro kung paano maitatawid ang adhikaing ito gamit ang sariling wika ng mga bata.

Bagamat ang mga kasalukuyang pag-aaral ay nagbanggit ng pagkakabilang ng Kindergarten sa mga pagsisikap ng Kagawaran ng Edukasyon, hindi maitatangging patuloy pa rin ang mga hamong kinakaharap ng bawat sangkot mula sa pangkat na ito na pinatunayan ng mga ebidensyang nakalap ng PhilippineEarly Childhood Education (ECE) Longitudinal Study (2021), kung saan mas mababa ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa literasiya ng wika gamit ang sariling wika, kung ihahambing sa mga nasa elementarya. Dito sa pananaliksik na ito, mas nabibigyang tuon ang nasa mataas na baitang kaysa sa maagang antas ng edukasyon.

Ang Kaibahan ng Mga mag-aaral sa Mataas na Antas at sa Kinder

Ayon kay Cabigao (2021),ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay mayroong tatlong benepisyo: Una, sa mga mag-aaral, sila ay nagkakaroon ng motibasyon upang mag-aral kung may ipinapakitang kagalingan at kahusayan ang nagtuturo. Ikalawa, sa paaralan, nahihikayat nito ang iba pang mag-aaral dahil sa mga kagalingang naaabot ng mga bata. Ikatlo, bilang guro naililipat at nagiging epektibo sila sa kani-kanilang mga tungkulin sa paglipat ng mga kaalaman sa mga bata na may maayos na paggabay at pagmomodelo ng tamang kalidad, at puso sa pagkatuto.

Sa Unibersidad ng Oklahoma, ayon sa pag-aaral ni DeeFink (2003), ang epektibong estilo o teknik sa pagtuturo ay ang basehan sa aktibong motibasyon, ngunit hindi lahat ng guro ay may kakayahan patungkol sa paggamit ng epektibong estilo para sa aktibong pag-aaral. Ang mag-aaral din ay walang kamalayan sa kanyang responsibilidad sa pag-aaral. Ang aktibong pag-aaral ay nakatuon sa pagtulong sa mga mag-aaral na makisangkot sa pag-aaral subalit hindi lahat ng paaralan ay may kapasidad na makamit ito; ang iba hindi angkop ang estilong ginagamit sa pagtuturo na idinudulog ngguro sa nilalaman ng paksa.

Sa pag-aaral na isinagawa ni De Vera (2013), "Pagsusuri sa mga Emosyonal, Sikolohikal at Sosyal na kaasalan ng mga Hyperactive na Mag-aaral: Batayan sa Pagsulong ng Estratehiya sa Pamamahala ng Kaasalan." Inilarawan niya at sinuri ang batang hyperactive sa loob ng klase batay sa aspetong emosyonal, sikolohikal, at sosyal. Nalaman niya na madalas sumpungin ang pag-aalburuto, ang paghahangad na maging sentro ang atensyon o KSP (kulang sa pansin), ang madalas na paikot-ikot at pagiging balisa ay sa emosyonal na aspeto. Sa sikolohikal na aspeto, ang madalas na kulang sa interes at madalas na makalimutan ang mga gamit ang nakakuha lamang ng madalas na deskripsyon at ang walo ay di-madalas na deskripsyon.

Karamihan sa mga sosyal na aspeto ng hyperactive na kaasalan ay nakitang madalas. Ilan sa mga ito ay masyadong masalita, laging kumikilos, madalas nakikipag-away at hindi makatagal sa pagkakaupo. Ang emosyonal at sosyal na aspeto ang nakitang madalas samantalang ang sikolohikal na aspeto ay di-madalas sa interpretasyong berbal.

Samantala, ang Early Childhood Longitudinal Study (2011) ay nagpakita ng kabaliktarang imahe ng mga pag-uugali ng mga bata sa Kinder na napapatungkol sa kanilang pag-aaral. Ayon sa mga guro, mas kakikitaan ng pokus sa klase ang mga bata, may pagpupursige sa pagkumpleto ng mga gawain, pagpapakita ng pagkasabik sa pagkatuto, mas madaling nakakangkop sa pagbabago, at sumusunod sa mga tuntunin ng silid aralan, hudyat na mas dapat pang pag-ibayuhin at palawigin pa ang paglilipat ng kaalaman sa mga bata habang sila ay nasa kinder pa lamang.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ang Mimikring Pangkalikasan sa Pagtuturo ng Alfabeto

Ang Batas ng Republika Bilang 9152 na mas kilala bilang National Environmental Awareness and Education Act ng Taong 2008 ay naglalayon na itaguyod ang kamalayan sa papel ng mga likas na yaman at pangangalaga ng kapaligiran tungo sa patuloy na pag-unlad ng bansa, bagay na kasama rin sa mga itinuturo sa mga mag-aaral sa Kinder.

Samantala, si Locke sa kanyang teorya ng Empiricismo ay tuwirang nagsaad na ang pag-iisip ng isang nilalang ay likas na blangko sa kanyang pagsilang, at nagkakalaman lamang sa tulong ng mga makabagong ideya, karanasan, emosyon, o pag-uugaling nakukuha niya sa pang-araw-araw niyang pamumuhay habang siya ay lumalaki.

Ang mimikri, ayon kay Chartrand at Bargh (1999) ay maituturing na “social glue” na tumutulong upang lumikha ng matibay na ugnayan at relasyon sa pagitan ng mga indibidwal hindi lamang sa pagitan ng mga tao, kundi maging ng iba pang mga nilalang na may buhay gaya ng mga hayop, at ng iba pang mga elemento na bumubuo ng kalikasan na pinamumuhayan ng mga tao. Ang panggagaya sa biglang tingin ay nagpapakita lamang ng pagnanais na makopya ng indibidwal ang ginagaya nito, subalit, sa malapitang tingin, ito ay nagpapahiwatig ng mas malalim pang dahilan – ang pagpapatibay ng ugnayan ng mga sangkot sa pagitan nila.

Ang konsepto ng mimikring pangkalikasan ay isang makabagong konsepto na nagbubukal sa ideya na kaakibat ng pagkatuto ng mga batang mag-aaral ang pagkakaroon ng kaugnayan sa kalikasan at ng lahat ng mga nasasaklawan nito. Ito ay nagbubukal sa ideya na ang kalikasan ay nagtataglay ng mga potensyal na pagkukunan ng magagaya na magiging daan sa pagkatuto ng bawat mag-aaral. Ito ay pinagsamang lapit ng pagbibigay-pansin sa halaga ng kalikasan habang isinisilsil sa mga batang mag-aaral ang mga takdang gawain sa paaralan nang may mas malalim pang kamalayan sa pangangalaga ng kapaligiran at ng kalikasan habang sila ay nagsisimula pa lamang sa pagkatuto lalo na sa Alfabeto.

Sintesis. Pinatunayan sa pag-aaral na ito na kinakailangang may gawing pagpaplano ang guro sa gawaing pagtuturo gaya ng pagkakaroon ng banghay-aralin na kinapalooban ng balangkas ng mga layunin, paksang-aralin, kagamitan, at mga hakbang na sunud-sunod na isinasagawa sa pagsasakatuparan ng layunin at ikapagtatamo ng mga inaasahang bunga ng pagkatuto. Ang pagkakaroon ng pagpaplano sa gawaing pagtuturo ay nagsisilbing gabay ng guro sa daloy ng kanyang ituturo.

Maliban pa, mahalagang maisaalang-alang ang mga saloobin ng mga magulang o pamilya ng mga mag-aaral, at ng mga kasamahan ng guro sa paaralan upang mas maunawaan ang implikasyon ng isang makabagong lapit o teknik bilang pagganyak sa pagkatuto ng mga mag-aaral at kung paano ito nagiging isang napapanahong kamalayan sa buhay ng mga mag-aaral hindi lamang sa paraan ng kanilang pagkatuto kundi maging ng kanilang paggaggamitan nito sa araw-araw nilang pamumuhay sa pamayanang kinabibilangan nila.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pangkalahatang layunin ng ginagawang pag-aaral na ito ay mailalarawan ang epekto at kabuluhan ng lapit mimikring pangkalikasn na itinaguyod ng guro sa pagtuturo ng alfabetong sa pangkat Kinder. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

Sa anong mga paksa sa kindergarten nailalapat ang mimikring pangkalikasan?

Anu-ano ang mga kahalagahan ng mimikring pangkalikasan sa modernong panahon ng teknolohiya para sa kindergarten?

Anu-anong mga kompetensi sa DepEd ang nabibigyang diin ng mimikring pangkalikasan sa pagtuturo sa Kindergarten?

Sa kabuuan, sinisikap na masagot ang mga sumusunod na layunin:

Matukoy ang demograpik propayl ng mga respondente?

Edad

Kasarian

Dayalek na Ginagamit sa Pagtuturo

Mailarawan kung ano ang kaugnayan ng demograpik propayl ng mga respondente sa kanilang pagtuturo sa kahalagahan ng mimikring pangkalikasan.

Matukoy at malaman kung anu-ano ang implikasyon nito sa edukasyon, at sa pangangalaga ng kalikasan.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Kabanata 2

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay napapalooban ng mga pamamaraang ginamit ng mananalisik sa paglikom ng mga datos, at ang pag-aanalisa ng mga datos upang masagot ang mga suliranin.

Disenyo

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong deskriptiv-correlational, isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay kahulugan sa isang bagay o paksa. Ito ay isang uri ng pananaliksik na ginagamitan ng qualitative tools. Ang disenyong ito ay ginagamit sa pag-aaral na ito upang makahingi ng saloobin mula sa mga respondente tungkol sa kahalagahan ng mimikring pangkalikasan sa maka bagong panahon. Tumutugon ang disenyong ito sa tanong na sino, ano, paano at kailan na may kinalaman sa paksa ng pag-aaral ang isang disenyo ng pangangalap ng mga datos at impormasyon hinggil sa mga salik na kaugnay sa paksa ng pananaliksik. Ang pangangalap din ng mga datos ay sa pamamagitan ng modified sarbey-kwestyoner. Ginamit ang disenyong correlational upang malaman ang epekto at relasyon ng mga baryabol sa pag-aaral lalong lalo na ang propayl ng respondente at ang kanilang persepsyon sa kahalagahan ng mimikri sa pagtuturo.

Naging bahagi naman ng Focus Group Discussion (FGD) ang 10 piling tagatugon, limang guro at limang magulang ang nasali sa FGD upang malaman ang kanilang saloobin sa kahalagahan ng integrasyon ng mimikring pangkaliksan sa pagtuturo ng kindergarten.

Impormante ng Pag-aaral

Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang dalawapong (20) mga guro sa Kindergarten sa Bayan ng Libjo, Isla ng Dinagat. Kasama sila ang sasagot sa mga talatanungan, interbyu at sarbey-kwestyoner.

Kaligiran ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa bayan ng Libjo, Dinagat Island. Ang populasyon nito ayon sa 2020 Census ay 18,051. Ito ay kumakatawan sa 14.09% ng kabuuang populasyon ng lalawigan ng Dinagat Islands, o 0.64% ng kabuuang populasyon ng rehiyon ng Caraga. Nilalayon sa pag-aaral na ito na makuha ang implikasyon ng mimikring pangkalikasan bilang napapanahong kamalayan sa pagtuturo ng alfabeto sa mga mag-aaral sa Kinder sa pamayanang nabanggit.




Larawan 1. Mapa ng Lungsod ng Libjo, Dinagat Islands.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng talatanungan bilang gabay sa pagsasagot ng mga tagatugon upang makakuha ng mga kinakailangang datos at impormasyon sa pag-aaral na ito ng mananaliksik. Ang talatanungang inihanda ay modified na bersyon sa mga nagawang pag-aaral sa mga mananaliksik. Ang unang bahagi ay tungkol sa propayl ng mga respondente at ang ikalawang bahagi naman ay tungkol sa mga banghay-aralin sa pagtuturo ng alfabeto gamit ang mimikring pangkalikasan.

Paraan sa Pangangalap ng mga Datos

Sa pagkukuha ng mga datos, ang mananaliksik ay gumawa muna ng talatanungan at ito ay pinagtibay ng tagapayo ng mananaliksik gayundin ang liham pahintulot para sa District Supervisor at mga School Principal sa mga paaralan na kasali sa pag-aaral na ito.

Una ay humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa principal dala ang pahintulot sa District Supervisor sa Distrito ng Libjo at gayundin ay humingin muna ang mananaliksik ng pahintulot sa mismong respondente.

Pangalawa, pagkatapos mapahintulutan ay magsimula ng magbigay ng talatanungan ang mananaliksik sa respondente.

Pangatlo, pagkatapos masagutan ng tagatugon ang mga tanong ay nagpasalamat ang mananaliksik sa respondente at gayundin sa nagbigay ng pahintulot at makuha ang kanilang suhestiyon sa pag-aaral na ito.

Pang-apat, pagkatapos malikom ang mga datos ay inihanda ng mananaliksik ito upang isagawa ang pagsusuri at pag-aanalisa rito. Nagkaroon din ng dokumentasyon ang mananaliksik at ang mga respondente.

Pagsusuri ng mga Datos

Ginamitan ang pag-aaral ng kwantitatibong pagsusuri ng datos, kabilang ang frequency analysis, descriptive analysis, independent sample t-test, gayon din ang thematic analysis para sa kwalitatibong pagsusuri sa mga impormasyong nakalap mula sa ibat-ibang panayam. Ginamit ang independent sample t test upang masukat ang makabuluhang ugnayan ng mimikring pangkalikasan sa pagtuturo ng alfabeto sa mga mag-aaral ng Kindergarten, ang mga saloobin ng mga magulang ng mga mag-aaral upang mabuo ang implikasyon nito sa ahensya ng edukasyon at maging sa pangangalaga ng kalikasan.

Kabanata 3

PRESENTASYON, ANALISIS, AT PRESENTASYON NG MGA DATOS

Napapaloob sa kabanatang ito ang presentasyon, analisis at interpretasyon ng datos batay sa nakalap ng mananaliksik na mga terminong naglalarawan sa kahalagahan ng mimikring pangkalikasan sa pagtuturo sa kindergarten at malaman ang mga kompetensi nito.

Sa paglalahad ng mga datos na nakalap mula sa mga piling mga guro sa Isla ng Dinagat, ang mananaliksik ay gumamit ng mga talahanayan upang ipakita ang mga propayl ng mga guro at mga magulang ng mga mag-aaral, at ang kwalitatibong analisis sa pamamagitan ng thematic analis upang makabuo ng iisang tema bawat paksa na naayon sa suliranin ng pag-aaral gayundin upang masuri kung gaano kahalaga ang konsepto ng mimikri sa perspektibo ng mga magulang. Pinagsunod-sunod ito sa bahaging ito ang mga datos batay sa pagkasunod-sunod nito sa layunin ng pag-aaral na makikita sa Kabanata 1.

Talahanayan 1.Mga Propayl ng mga Tagatugon (Guro)

| Propayl ng mga Gurong Tagatugon | Indikeytor | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|---|
| Kursong Natapos | BEED- General Education | 17 | 85.0 |
| | Early Childhood Education | 3 | 15.0 |
| Taon sa Pagtuturo | 1 buwan- 2 taon | 4 | 20.0 |
| | 3-5 taon | 5 | 25.0 |
| | 6-10 taon | 11 | 55.0 |

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

| | | | |
|---|---|---|---|
| Dayalek na Ginagamit | Bisaya/ Surigaonon | 18 | 90.0 |
| | English | 2 | 10.0 |
| TOTAL | | 20 | 100 |

Kursong natapos. Mula sa dalawampong (20) gurong tagatugon sa Isla ng Dinagat na nagtuturo sa kindergarten sa elementarya, makikita na labing pito (17) guro (85%) ang nakatapos ng BEED- General Education, at tatlo (3) (15%) guro naman ang nakatapos sa Early childhood education. Ibig sabihin nito mas maraming guro ang nakapagtapos ng BSE na programa sa kolehiyo na akma propesyon na pagtuturo. Sa pag-aaral ni Royo (2010) nararapat na bigyang pagsasanay ang mga guro na magpalawak pa ng kanilang kasanayan at pamamaraan sa paglalahad ng aralin lalo na sa makabagong panahon na digita age.

Bilang ng Taon sa Pagtuturo. Mula sa dalawampu (20) gurong nagtuturo sa kindergarten sa elementarya, makikita na may labing isa (11) guro (55%) ang nagtuturo na sa loob ng anim (6) taon hanggang sampung (10) taon, habang limang (5) guro (25%) ang nagtuturo sa loob ng tatlo (3) hanggang limang (5) taon, at apat na guro ang nagtuturo sa loob ng isang buwan hanggang dalawang taon. Ayon sa mga guro ng Unibersidad ng Corcodia Portland (2017), bilang isang tagapagturo isinasaalang-alang mo kung paano mo gustong lapatan ang iyong paraan ng pagtuturo, ikaw bilang isang guro ay nagnanais na gumamit ng isang paraan na kapakipakinabang para sa lahat ng iyong mga mag-aaral upang tamasahin nila ang proseso ng pag-aaral at para naman sa iyong silid-aralan, upang maging maayos at kontrolado (Quinonez, 2014).

Dayalek na Ginagamit sa Pagtuturo. Mula sa dalawampo (20) gurong nagtuturo sa elementarya, pangkalahatang tagatugon o may labing walo (18) na guro (90%) na Bisaya/ Surigaonon ang ginagamit na dayalek sa pagtuturo at dalawang (2) guro (10%) na English ang ginagamit na dayalek. Ibig sabihin lang na ang Mother-tongue/ bernacular na Bisaya ang pinakagamitin na lenggwahe sa pagtuturo ng konsepto ng mga guro sa kanilang pagtuturo sa mga bata.

Talahanayan 2.Kahalagahan ng Mimikring Pangkalikasan sa Makabagong Panahon

| Nakaloob na Konsepto | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Naghahanda at gumagamit ng mga kagamitang panturo sa pagtatamo ng mga tunguhin sa pagtuturo. | 1.55 | Mahalaga |
| Gumagamit ng iba‟t ibang teknik at istratehiya sa masigla at kawili-wiling pagtuturo | 1.50 | Mahalaga |
| Kinikilala at binibigyan ng kaukulang pansin ang pangangailangan, kakayahan at interes o kawilihan ng mga mag-aaral | 1.45 | Mahalaga |
| May kaalaman hindi lamang sa saklaw ng kuro o asignatura kundi gayon din sa kaugnayan nito sa iba pang kurso, asignatura o disiplina. | 1.55 | Mahalaga |
| May laging bago at up-to-date na kabatiran hinggil sa itinuturo. | 1.45 | Mahalaga |
| May mabuting paghahanda sa bawat araw ng pagtuturo at pagharap sa klase | 1.55 | Mahalaga |
| May katamtamang lakas ng tinig na nagagamit sa malinaw na pagpapaliwanag ng aralin. | 1.30 | Mahalaga |
| Overall Weighted Mean | 1.47 | Mahalaga |

Sa konsepto ng pagtuturo, importante na malaman kung ano ang kabatiran ng mga guro sa paksa base sa kahalagahan nito. Sa kabuuang weighted mean ay nakakuha ng 1.47 na ang ibig sabihin ay Mahalaga. Ang mga guro ay nag-aangkin ng kaalaman patungkol kung paano maghanda at gumamit ng mga kagamitang panturo na makakapagbigay tulong sa pagpapaunald ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Mapa (2014), mananatiling pinakamahalagang bahagi ng pagtuturo at pag-aaral ang pagkatuto. Lumalabas na ang pagkatuto ay nakabatay sa kung paano at anong paraaan ang gagagmitin ng mga guro sa pagtuturo. Ang mga pamamaraang gagamitin ng mga guro ay nakabatay din sa ninanais niyang resulta na makamit ng mga mag-aaaral at maging sa paksa ng kanyang araling kanyang ituturo (De Guzman & Abagon, 2021).

Gamit ang mga mimikri bilang estratihiya sa kindergarten, naniniwala ang mananaliksik sa kasabihan nakung ano ang itinuro sa bata ay bitbit niya hanggang sa kanyang pagtanda, kung kaya't mas mabuting ituro ng mas maaga ang konsepto ng pang kalikasan gamit ang mimikri at maikling kuwentong pambata na makapagbubukas sakanilang pang-unawa at kamalayan sa mga paksang tumatalakay sa kapaligiran.

Talahanayan 3.Mga Paksa ng Kindergarten na Ginagamitan ng Mimikring Pangkalikasan sa Pagtuturo

| Mga Tugon ng mga Guro | Kabuuang Tema | Implikasyon |
|---|---|---|
| "*Mimicry during storytelling and role-playing activities in kindergarten provides a language learning environment"*- FGD1.<br><br>*"It is important for kindergarten to use mimicking as natural learning for young children and it helps them develop various skills, including language, social, cognition and physical activities". -FGD 2*<br><br>*"Ang mimikring pangkalikasan ay maaaring mailapat sa kindergarten sa pagsagawa ng role playing"- FGD 3*<br><br>"Sa kindergarten, maaring ipakita ang konsepto ng pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng mga simpleng aktibidades tulad ng pagtanim ng puno o larawan tungkol sa kalikasan at kung paano natin ito pangalagaan" – FGD 4<br>*"Naisakilos ang sarilng kakayahan sa ibat-ibang paran (pag-awit, pagsayaw, at iba pa)-* FGD 5 | Pangkalahatang Pagunlad sa kasanayan sa wika.<br>Ang mimikri ay nakakatulong sa pagtaguyod ng ibat-ibang kasanayan ng mag-aaral. | Ang paggamit ng mimikri sa pagtuturo ng konsepto sa kindergarten ay upang mapalawak ang kasanayan sa wika ng mga bata lalo na sa mga alpabeto at mabigyang diin ang aktibong pakikilahok at interaksiyon ng mga bata. |

Ang mimikri bilang isang konsepto, ang pananaliksik na ito ay isang pagtatangka upang maka buo ng napapanahon at na kapakipakinabang na Teknik sa pagunlad ng mag-aaral sa elementarya. Isa sa nabuong tema ang halaga ng mimikri ang pang kalahatang pagunlad ng kaalaman ng mag-aral at ang pagtaguyod ng ibang kasanayan ng bata.

Bilang isang implikasyon, ang Kabataan sa kasalukuyang papanahon ay hindi lamang matuto sa isang Teknik o pamamaraan lamang, kundi ang mga bata ay gaganahan na matuto sa isang konsepto kung ang estratihiya ng isang guro ay multifaceted at hindi lamang naka pokus sa isa kundi interdisciplinary.

Sa hamon ng pagtuturo sa makabagong panahon, ang paglikha ng angkop na nilalaman at gawain bilang interbensiyon ay lubos na kailangan. Ito ay sinusuportahan sa pag-aaral ni Villanueva,(2018) sinasabi na magkatuwang ang pagtuturo-pagkatuto sa pagpapabisa, pagpapalakas, at pagsasakabuluhan ng prosesong pedagohikal. Palagi nang kakabit ng

metodolohiyang pagtuturo-pagkatuto-paksa ang mga konseptong dulog, pamaraan/metodolohiya, teknik, at estratehiya bilang iisa dahil sa hindi nagkakalayong ugnayan ng mga nasabing konsepto (Badayos, 2008).

Talahanayan 4.Ang Kahalagahan ng Mimikring Pangkalikasan sa Modernong Panahon ng teknolohiya para sa kindergarten

| Mga Tugon ng Guro sa Kahalagahan ng Mimikri | Kabuuang Tema | Implikasyon |
|---|---|---|
| *Teachers or educators are crucial in designing and implementing activities that align their competency" -FGD 1*<br><br>"Kindergarten teachers must create a supportive and engaging envirnemnt. It also promotes confidence in using language and builds a foundation for future language development"- FGD2<br><br>"Lubos na mahalaga. Ito ay nagbibigay ng panngunahing kaalaman sa mga bata hinggil sa kahalagahan ng kapaligiran sa buhay ng tao at sa iba pang bagay na may buhay". – FGD 3<br><br>"Lubos mahalaga. Sa pamamagitan nito, natutukan ng mga mag-aaral ang mga katangian ng mga bagay na may buhay at nakapaglalarawan sila sa mga ito na matatagpuan sa kapaligiran".- FGD 4<br><br>"Napakahalaga sa kanilang pag-unlad at edukasyon. Ang pagtuturo ng kalikasan ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na magkakaroon ng pagsasanay sa pag observe, ipagtukoy ng mga halaman at hayop at pag unawa sa mga sikreto ng kalikasan"- FGD 5 | Mahalaga ang ginagampanan ng isang guro para sa sosyal, emosyonal, at pangkalahatang pag-unlad ng mag-aaral.<br>Maagang pag-unlad ng literasi para sa mag mag-aaral. | Para sa mga guro, ang konsepto ng mimikri ay hindi lamang mahalaga sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa paghubog ng pagkatao ng mag-aaral gayundin mapatibay ang pundasyon ng mga kindergarten. |

Sa larangan ng pagtuturo, mahalaga ang pagkakaroon ng mga mag-aaral at guro ng malinaw na pananaw tungkol sa konsepto ng varayti at estratehiya sa pagtuturo. Sa gayon, makikita ng mga mag-aaral na bawat paksa na tinatalakay ay hindi iba o naiiba kundi kasali at kabahagi ng pambansang wika at kultura (Liwanag, 2007).

Para sa mga guro, ang konsepto ng mimikri ay hindi lamang mahalaga sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa paghubog ng pagkatao ng mag-aaral gayundin mapatibay ang pundasyon ng mga kindergarten. Isa sa mga hamon ng tagaturo sa antas ng elemntarya ay ang pagtatag ng balangkas kasama ang mimikri bilang isang estratihiya sa pagtuturo sa kindergarten at integrasyon nito sa kurikulum. Nakita sa mga pag-aaral na ang balangkas na ito ay dapat magbigay ng malinaw na mga patnubay para sa paghahanay sa mga layunin ng pagkatuto, nilalaman, at pagtatasa sa iba't ibang disiplina (Alonzo, et al., 2023).

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, matitiyak ng mga tagapagturo na ang Filipino at iba pang mga asignatura sa loob ng kindergarten ay walang putol na isinama sa kurikulum, na nagpapatibay ng mas malalim na pagkatuto at makabuluhang koneksyon para sa mga mag-aaral (Camu, 2023).

Isa sa pangunahing temang nabuo sa kahalagahan ng mimikring pangkalikasan sa perspektibo ng mga magulang ay ang maagang pagtuturo sa konsepto ng kalikasan upang maipakita ang importansiya ng pagrespeto at pangangalaga sa kalikasan. Maraming mananaliksik ang naniniwala na isang pundasyon sa mabisang pagkatuto ang paggamit ng unang wika. Nararapat na habang sa maagang panahon pa ay mabigyan ng oras ang pagkatuto ng mag-aaral, ito ay nangangailangan ng suporta at kolaborasyon sa mga magulang at mga guro.

Sa pamamahay, responsibilidad ng isang magulang ang pagbibigay ng mga oportunidad at oras sa kanilang anak sa pamamagitan ng pagbabasa sa kanila ng mga maikling kuwento, at iba pa na may stimulation kahit nna bernakular o mother tongue. Patunay nito ang sinabi ni Cummins (1996) na ang paggamit ng unang wika ay tumutulong sa pagtamo ng pag-unawa at paglinang ng kritikal na pag-iisip sa mga mag-aaral.

Talahanayan 5.Mga Kompetensi sa DepEd ayon na nabigyang diin ang Mimikring Pangkalikasan sa Pagtuturo

| Mga Tugon ng mga Guro | Kabuuang Tema | Implikasyon |
|---|---|---|
| *“Mimic and initiate the sound movement and behaviors of animals or elements of nature during expression activities (dance, art, and music)” – FGD 1*<br><br>*“The child demonstrates an understanding of letter representation of sounds- that letters as symbols have names and distinct sound”- FGD2.*<br><br>*“The child demonstrates an understanding of letter representation of sounds that letters as symbols have names and distinct sounds”- FGD3*<br><br>*“Kung paano pahalagahan ang mga kalikasan sa ating komunidad”- FGD 4*<br><br>*“Listening and speaking skills, language development, environmental awareness and care creativity and imagination”- FGD 5* | Naaayon ang mga kompensi na itinuro ng guro sa kurikulum ng ahensiya.<br>Nakaakma ang kompetensi sa antas o lebel ng mag-aaral. | Sa integrasyon ng mimikri sa Kindergarten na nakaakma sa antas ng mag-aaral, masiguro ang mabisang pag-unlad sa kasanayan at kaalaman ng mag-aaral. Upang maging epektibo ang pagtuturo, nararapat na ito ay akma sa layunin ng kurikulum. |

Habang ang nabuong tema sa pananaliksik na ito ay pagkaayon ng kompetensi sa itinuturo ng guro at ang pagka-akma ng kompetensi sa antas ng mag-aaral, ang pag rebyu sa kasalukuyang epektibo na estratihiya ay alahanin upang makabuo ng epektibo at mga produktibo na mag-aaral, at ang wastong kaalaman ng tagapagturo sa konsepto ng mimikri kung paano ito ma integreyt sa kabuuang paksa. Subalit, kahit pulido ang naturang konsepto at naka akma na, hindi maikakailang sa loob at pagkatapos ng mahigit isang dekada, may mga salik pa rin sa pagtuturo sa Kinder ang nananatiling malaking hamon lalo na sa panig ng mga guro lalung-lalo na sa pagsasanay para sa literasiya.

Sa pag-aaral ni Monje et al. (2019) binanggit na ang kawalan ng malinaw na mga alituntunin ay nagdulot ng kalituhan sa mga tagapagturo hinggil sa pagpapatupad ng kompetensi. Binigyang-diin ng may-akda ang kahalagahan ng pagtatatag ng magkakaugnay na balangkas na naglalarawan sa mga tungkulin at responsibilidad ng mga edukador sa pagsasama-sama.

Sa integrasyon ng mimikri sa Kindergarten na nakaakma sa antas ng mag-aaral, masiguro ang mabisang pag-unlad sa kasanayan at kaalaman ng mag-aaral. Upang maging epektibo ang pagtuturo, nararapat na ito ay akma sa layunin ng kurikulum. Kung walang ganoong patnubay, maaaring mahirapan ang mga tagapagturo na bumuo ng magkakaugnay na mga plano sa aralin at mga estratehiya sa pagtuturo na epektibong nagsasama ng mga konsepto mula sa iba't ibang disiplina.

Talahanayan 6.Makabuluhang Pagkakaiba (significant difference) sa tugon ng mga guro sa halaga ng pagtuturo ng Mimikring Pangkalikasan sa Kindergarten.

Independent Sample Test

| Indekeytor | t | Df | Sig.(2 tailed) | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Naghahanda at gumagamit ng mga kagamitang panturo sa pagtatamo ng mga tunguhin sa pagtuturo. | -.659 | 18 | .518 | Accepted |
| Gumagamit ng iba"t ibang teknik at istratehiya sa masigla at kawili-wiling pagtuturo | -.949 | 18 | .355 | Accepted |
| Kinikilala at binibigyan ng kaukulang pansin ang pangangailangan, kakayahan at interes o kawilihan ng mga mag-aaral | .659 | 18 | .518 | Accepted |
| May kaalaman hindi lamang sa saklaw ng kuro o asignatura kundi gayon din sa kaugnayan nito sa iba pang kurso, asignatura o disiplina. | -1.705 | 18 | .105 | Accepted |
| May laging bago at up-to-date na kabatiran hinggil sa itinuturo. | -.280 | 18 | .783 | Accepted |
| May mabuting paghahanda sa bawat araw ng pagtuturo at pagharap sa klase. | 1.262 | 18 | .223 | Accepted |
| May katamtamang lakas ng tinig na nagagamit sa malinaw na pagpapaliwanag ng aralin. | 1.242 | 18 | .245 | Accepted |

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa kagamitang panturo (0.518), Teknik at estratihiya (0.355), kaukulang pansin sa pangangailangan ng bata ( 0.518), kaugnayan ng kurso( 0.105), up to date na kabatiran (.783), mabuting paghahanda (0.223), at ang katamtamang lakas (0.245) na mas mataas ( >) sa ( 0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay tanggap at nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan at kahalagahan ng

mimikri sa makabagong panahon sa propayl ng mga guro at magulang. Ibig sabihin na ang kahalagahan ng mimikri sa pagtuturo ay hindi lamang naka akma sa tungkulin ng isang guro na siya lamang ang tagabigay ng impormasyon, subalit nangngahulugan itong isang kolaborasyon sa magulang ng mga bata at mga guro.

Sinusuportahan ng mga nakalap na impormasyon mula sa FGD ang kwantitatibong datos. Ipinagmamalaki ng lahat ng kalahok kung gaano kahalaga ang pagtuturo ng paksa tungkol pangkalikasan dahil sa mga sumusunod na dahilan: sa sosyal, emosyonal, at pangkalahatang pag-unlad ng mag-aaral.

Kaya nga sa Generative Transformational Linguistics ni Chomsky (1965) ay nagsusulong sa kaisipang ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang sa pamamagitan ng "habit", "imitation", conditioning o stimulus-response" kundi ito ay malikhaing proseso, gaya ng integrasyon ng mimikri, ang taglay na kaalaman sa wika ay nagbibigay sa kanya ng kakayahang bumuo ng mga pangungusap na katanggap-tanggap sa nagmamay-ari ng wika at ang kakayahang kumilala nang tama sa maling pangungusap.

Kabanata 4

BUOD, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod ng pag-aaral, konklusyon at rekomendasyon na nabuo ng mga mananaliksik mula sa kanyang pag-aaral at ang rekomendasyon ay nabuo mula sa konklusyon ng pag-aaral.

BUOD

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang "Mimikring Pangkalikasan: Napapanahong Kamalayan Sa Pagtuturo Sa Alfabeto Para Sa Kindergarten". Ang pananaliksik n ito ay nakatuon sa implikasyon ng paggamit ng mimikri sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa kindergarten.

Sa pag-aaral, napatunayan na ang paggamit ng mimikri ay may positibong implikasyon sa iba't ibang aspeto ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa kindergarten, kabilang ang kanilang kasanayan sa wika, sosyal, kognitibo, at pisikal na gawain. Napansin din na ang mga kompetensi na itinuturo ng mga guro ay naaayon sa kurikulum ng ahensiya at nakakatugon sa antas ng mga mag-aaral.

Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang paraang palarawan sa uri nito na sarbey. Samantala ang mga impormante ay pinili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at convenience sampling. Ayon sa resulta ng pag-aaral, may labing pito (17) guro ang nakatapos ng BEED- General Education, at tatlo (3) guro naman ang nakatapos sa Early childhood education, habang labing isa (11) guro (55%) ang nagtuturo na sa loob ng anim (6) taon hanggang sampung (10) taon, at sa bahagdang 90% Bisaya/ Surigaonon ang ginagamit na dayalek sa pagtuturo.

Batay sa mga nakalap na mga datos, natuklasan ng ng pananaliksik na ito na:

Ang mga guro ay nag-aangkin ng kaalaman patungkol kung paano maghanda at gumamit ng mga kagamitang panturo na makakapagbigay tulong sa pagpapaunald ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang kahalahan ng mimikri ay ang pang kalahatang pagunlad ng kaalaman ng mag-aral at ang pagtaguyod ng ibang kasanayan ng bata.

Para sa mga guro, ang konsepto ng mimikri ay hindi lamang mahalaga sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa paghubog ng pagkatao ng mag-aaral gayundin mapatibay ang pundasyon ng mga kindergarten.

Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mimikri ay ginagamit sa mga guro at nakaakma sa kompetensi sa kurikulum dahil upang maging epektibo ang pagtuturo, nararapat na ito ay akma sa layunin ng kurikulum.

Sa independent sample t-test, natuklasan na walang bisang pala-palagay ay tanggap at nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan at kahalagahan ng mimikri sa makabagong panahon sa propayl ng mga guro at magulang.

Konklusyon

Sa kabuuan, ang paggamit ng mimikri sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagpapalawak ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa kindergarten. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng aktibong pakikilahok at interaksyon sa kanilang kapaligiran upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan. Ang mga guro ay may mahalagang papel sa paghubog at pagpapalakas ng mga kasanayan ng kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng tamang paggamit

ng mimikri. Panghuli, natuklasan sa pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba kahalagahan ng mimikri sa mga propayl ng tagatugon na mga guro at mga magulang sa Kindergarten.

REKOMENDASYON

Nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa naging resulta ng pagaaral ng mananaliksik. Ito ang mga sumusunod:

Magsagawa ng ekstensibong pagpapasanay at pagpapalawak ng kaalaman ng mga guro sa tamang paggamit ng mimikri sa kanilang mga aralin at aktibidad sa silid-aralan.

Mahalaga rin na bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mas lalo pang mapalawak ang kanilang kasanayan sa mimikri sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga aktibidad at oportunidad na nagtatampok ng ganitong uri ng pag-aaral. Ito ay magbibigay sa kanila ng mga pagkakataon na magpamalas ng kanilang kasanayan at kaalaman sa iba't ibang larangan.

Mahalaga rin na patuloy na suriin at baguhin ang kurikulum ng ahensiya upang masiguro na ang mga kompetensi na itinuturo ay naaayon sa pangangailangan at antas ng mga mag-aaral.

Bumuo ng isang pangkalahatang kumite o pangkat na siyang magsisilbing tagapatnubay sa pagbuo ng kurikulum na may integrasyon at naka pokus sa mimikri na maglalangkap ng mga umiiral na pamamaraan ng pagtuturo sa Kindergarten.

Magsagawa ng kaugnay na pag-aaral na higit na mas malalim at magkaroon ng balidasyon sa resulta ng pag-aaral na ito

**PASASALAMAT**

Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mananaliksik sa lahat ng tumulong at sumuporta upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Unang-una, sa Poong Maykapal para sa lahat ng biyayang ipinagkaloob. Sa mga magulang, Quirino A. Buasa at Candelaria T. Buasa, at sa mga kapatid, para sa walang sawang suporta at pagmamahal na nagsilbing inspirasyon.

Kay Dr. Gemma R. Escultor ng Surigao del Norte State University at kay Mr. Denzel Mark A. Ciruela para sa kanilang patnubay at mahalagang gabay. Sa punong-guro ng Plaridel Elementary School, Gng. Cristie C. Liza, at sa mga kasamahang guro, para sa kanilang pahintulot at tulong sa pagkuha ng mahahalagang datos.

Kay Dr. Gregorio Z. Gamboa Jr., Dr. Merlyn L. Estoque, Dr. Rosario B. Dizon, at Gng. Pilmore M. Causing, sa kanilang karagdagang kaalaman. At sa lahat ng mga kaibigan at katrabaho, isang malaking pasasalamat ang hatid ng mananaliksik.

Maraming Salamat po!

**TALASANGGUNIAN**

**[1]** Abejuela, H.J. M., et al. ASSESSMENT OF THE READING CURRICULUM IN BASIC EDUCATION IN THE PHILIPPINES CONTEXT. International Journal of Language Education Volume 7, Number 1, 2023, pp. 26-45 ISSN: 2548-8457 (Print) 2548-8465 (Online) Doi: https://doi.org/10.26858/ijole.v1i1.23641

**[2]** Agno, L. MGA MODELONG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG MAKABAYAN (PARA SA ELEMENTARYA). Rex Bookstore, Inc.

**[3]** APPROPRIATE PRACTICES FOR YOUNG CHILDREN. A JOINT POSITION STATEMENT OF THE INTERNATIONAL READING ASSOCIATION AND THE NATIONAL ASSOCIATION FOR THE EDUCATION OF YOUNG CHILDREN. Washington, DC: Author; 1998.

**[4]** Augusto Jr, W. S. (2019). Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis. *MALAY*, *31*(1), 1-19.

**[5]** De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. KAKAYAHAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO NG SENIOR HIGH SCHOOL.

**[6]** De Vera, Shirley C. (2013). PAGSUSURI NG MGA EMOSYONAL, SIKOLOHIKAL AT SOSYAL NA KAASALAN NG MGA HYPERACTIVE NA MAG-AARAL, BATAYAN SA PAGSULONG NG ESTRATEHIYA SA PAMAMAHALA NG KASARIAN. St. La Salle, Bacolod City.

**[7]** Giva, J., Fortich, C., & Paet, S. M. (2020). GAMPANIN NG WIKANG FILIPINO SA PAGPAPALAGANAP NG IMPORMASYON BILANG TUGON SA COVID-19 SA LUNGSOD QUEZON.

**[8]** Jiménez, Luis & Lorda, María & Paz, Castor. (2014). EMULATION AND MIMICRY IN SCHOOL STUDENTS WITH TYPICAL DEVELOPMENT AND WITH HIGH FUNCTIONING AUTISM. JOURNAL OF AUTISM AND DEVELOPMENTAL DISORDERS. 44. 1597-1608. 10.1007/s10803-013-2027-0.

**[9]** Liwanag, L. B. (2007). Ang Pag-Aaral ng Varayti at Varyasyon ng Wika: Hanguang Balon sa Pagtuturo at Pananaliksik. *The Normal Lights*, *1*(1).

**[10]** Luz y Saber, 9(1&2). Saniel, A. F. (2022). KOMUNIKASYON SA AKADEMIKONG FILIPINO. ourSOUL Teaching-Learning Resources.

**[11]** Madden, J. JOHN LOCKE’S EMPIRICISM: WHY WE ARE ALL TABULA RASAS (BLANK SLATES). Philosophy Break. March 2021 https://philosophybreak.com/articles/john-lockes-empiricism-why-we-are-all-tabula-rasas-blank-slates/

**[12]** Martin, A., Guéguen, N. (2012). MIMICRY IN SOCIAL INTERACTION: ITS EFFECT ON LEARNING. In: Seel, N.M. (eds) Encyclopedia of the Sciences of Learning. Springer, Boston, MA. https://doi.org/10.1007/978-1-4419-1428-6_1798

**[13]** Mayor-asuncion, A. M. (2015). DOON O DITO, GANOON O GANITO: ISANG PAGGALUGAD SA PANANAW NG GURO HINGGIL SA KANYANG PAPEL SA PAGTUTURO NG AKADEMIKONG WIKANG FILIPINO SA ANTAS TERSYARYA.

**[14]** National Association for the Education of Young Children. LEARNING TO READ AND WRITE: DEVELOPMENTALLY

a. NATURAL ENVIRONMENTS. Department of Education and Training. State Covernment of Victoria. Practice Note 5 | March 2010 Updated August 2013. https://www.education.vic.gov.au/Documents/childhood/providers/regulation/pracnotesnaturalenv.pdf

**[15]** Palma, J. U., & Tubo, T. T. (2019). KOMPREHENSYON SA MGA PILING AKDANG PANITIKAN AT AKADEMIK PERPORMANS NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO 7 NG MAHAYAG NATIONAL HIGH SCHOOL, SAN MIGUEL, BOHOL.

**[16]** Peña, J. M. I. D. (2023). INTEGRASYON NG EDUKASYONG GENDER SA PAGTUTURO NG FILIPINO. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(2), 53-64

**[17]** Piasta, S., Wagner, R. (2010). DEVELOPING EARLY LITERACY SKILLS: A META-ANALYSIS OF ALPHABET LEARNING AND INSTRUCTION. PMC 2010 Jul 28.

**[18]** Reyes, W. (2021). Filipino pedagogies from social mimesis. *The Normal Lights*, *15*(2).

**[19]** Rose, H. MIMETIC LEARNING: THE POWER OF LEARNING THROUGH IMITATION. NESS Labs. https://nesslabs.com/

**[20]** Royo, Jean Lopez. (2010). Mga Saloobin a t Suliranin ng mg a Mag-Aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo De Davao High School. https://ejournals.ph/article.php?id=112

**[21]** Suatengco, R. FAMILY LITERACY IN A LOW-INCOME URBAN COMMUNITY IN THE PHILIPPINES. Journal of Early Childhood Literacy. 2019

**[22]** Vest, Nicholas & Fagan, Shawn & Fyfe, Emily. (2022). THE ROLE OF GESTURE AND MIMICRY FOR CHILDREN'S PATTERN LEARNING. COGNITIVE DEVELOPMENT. 63. 101196. 10.1016/j.cogdev.2022.101196.

**[23]** Villanueva, V., Malabanan, J., Abenes, R., Payapaya, R., & Palting, J. (2023). Pagbuo ng Lunsarang Aralin at Gawain sa Ugnayang Wika't Lipunan Bilang Interbensiyon sa Bagong Kadawyan sa Antas Primarya. *The Normal Lights*, *17*(1).

**[24]** Villanueva, V.M. (2018). #ABKD: Ako bibo kase dapat (alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng araling panlipunan, edukasyon sa pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.

**[25]** Wang, Z., Hu, Z., Ho, SB. et al. MIMUSA—MIMICKING HUMAN LANGUAGE UNDERSTANDING FOR FINE-GRAINED MULTI-CLASS SENTIMENT ANALYSIS. Neural Comput & Applic 35, 15907–15921 (2023).